Kamara ng Konseho ng Lungsod
3300 Capitol Avenue
Fremont, California

## Konseho ng Lungsod ng Fremont

Lily Mei, Alkalde

Rick Jones, Bise-alkalde

Vinnie Bacon

Raj Salwan

David Bonaccorsi

## Mga Kawani ng Lungsod

Fred Diaz, Tagapamahala ng Lungsod
Harvey E. Levine, Abugado ng Lungsod
Jessica von Borck, Katulong na Tagapamahala ng Lungsod
Marilyn Crane, Information Tech. Direktor ng Mga Serbisyo
Susan Gauthier, Klerk ng Lungsod
Kelly Kline, Direktor sa Pag-unlad ng Ekonomiya
Hans Larsen, Direktor ng Mga Gawaing-bayan
Geoff LaTendresse, Hepe ng Bumbero
Richard Lucero, Hepe ng Pulisya
David Persselin, Direktor ng Pananalapi
Jeff Schwob, Pag-unlad ng Komunidad Direktor
Karena Shackelford, Deputadong Tagapamahala ng Lungsod
Suzanne Shenfil, Direktor ng Mga Serbisyong Pang-tao
Brian Stott, Deputadong Tagapamahala ng Lungsod
Suzanne Wolf, Direktor ng Mga Serbisyong Pang-komunidad

# Konseho ng Lungsod ng Fremont Adyenda at Ulat

**Mayo 2, 2017**

## Pangkalahatang Takbo ng Pulong

1. Panimula
   - Pagpapatahimik
   - Pagsaludo sa Bandera
   - Roll Call
2. Kalendaro ng Pagpayag
3. Mga Pangseremonyang Aytem
4. Mga Komunikasyong Pampubliko
5. Mga Nakaiskedyul na Aytem
   - Mga Pampublikong Pandinig
   - Mga Apela
   - Mga Ulat mula sa Mga Komisyon, Mga Board at mga Komite
6. Ult mula sa Abugado ng Lungsod
7. Iba Pang Mga Pag-uusapan
8. Mga Komunikasyon ng Konseho
9. Pagtatapos

## Pagkakasunod-sunod ng Pag-uusap

Sa pangkalahatan, ang pagkakasunud-sunod ng talakayan matapos ang pagpapakilala ng isang aytem ng Alkalde ay kasama ang mga komento at mga impormasyon ng mga kawani na susundan ng mga katanungan at ng Konseho ng Lungsod. Pagkatapos ay maaari nang magsalita tungkol sa aytem ang aplikante, o ang kanilang awtorisadong kinatawan, o mga interesado mamamayan; bawat magsasalita ay maaari lamang magsalita nang isang beses para sa bawat aytem. Sa pagtatapos ng pampublikong talakayan, ang aytem ay maaaring nang ituring na na-aksyunan na ng Konseho ng Lunsod. Ang mga aytem sa adgenda ay maaaring ilipat mula sa pagkakasunod-sunod sa listahan.

## Kalendaryo ng Pahintulot

Ang mga aytem sa Kalendaryo ng Pahintulot ay itinuturing na rutina ng Konseho ng Lungsod at ay maisasabatas sa pamamagitan ng isang mosyon at isang boto. Walang magiging hiwalay na pag-uusap ng mga aytem na ito maliban kung hilingin ng isang miyembro ng Konseho o ng isang mamamayan, kung saan ay aalisin ang aytem mula sa Kalendaryo ng Pahintulot at ituturing nang hiwalay. Sa karagdagan, ang iba pang aytem na walang isang "Hiling na Makausap ang Konseho ng Lungsod" na kard sa kabaliktaran ay maaaring idagdag sa kalendaryo ng pahintulot. Babasahin ng Abugado ng Lungsod ang titulo ng mga ordinansa na pagtitibayin.



*Inilimbag sa Niresaykel na Papel*

**Tignan ang Likuran**

## Pagtugon sa Konseho

Ang sinuman ay maaaring magsalita ng isang beses para sa anumang aytem na kasalukuyang pinag-uusapan ng Konseho ng Lungsod matapos kilalanin ng Alkalde. Ang mga kard ng magsasalita ay makukuha bago at sa panahon ng pulong. Upang makausap ang Konseho ng Lungsod, ang isang kard ay kailangang isumite sa Klerk ng Lungsod nang nakasaad ang pangalan, address, at numero ng aytem na nais pagusapan ng magsasalita. Kapag kinausap ang Konseho ng Lungsod, mangyaring maglakad papunta sa lectern sa harapan ng Konseho ng Lungsod. Isaad ang iyong pangalan. Upang masiguro na ang lahat ng tao y mabibigyan ng oportunidad na magsalita, ang isang time limit ay itatakda ng Alkalde para sa bawat magsasalita (tignan ang mga tagubilin sa kard ng magsasalita). Para sa interes ng oras, ang bawat magsasalita ay isang beses lang maaaring magsalita para sa bawat aytem ng adyenda; pakilimitahan ang iyong mga komento sa mga bagong materyal; huwag ulitin ang sinabi na ng nakaraang nagsalita.

## Mga Pasalitang Komunikasyon

Ang sinuman na nais magsalita tungkol sa isang bagay na hindi naka-iskedyul sa adyenda na ito ay maaaring gawin ito sa ilalim ng seksyon ng Pasalitang Komunikasyon ng Pampublikong Komunikasyon. Pakisumite ng iyong kard ng magsasalita sa Klerk ng Lungsod bago magsimula ang mga Pasalitang Komunikasyon. **Yun lamang mga nagsumite ng kard bago magsimula ang Pasalitang Komunikasyon ang papayagang magsalita**. Mangyaring isaalang-alang na ipinagbabawalan ng Kodigo ng Pamahalaan ng California ang Konseho ng Lungsod mula sa pagkuha ng anumang mga agarang pagkilos sa isang aytem na hindi nakikita sa adyenda, maliban kung nakakatugon ang aytem sa mahigpit na mga kinakailangan ng batas. Lilimitahan ng Alkalde ang haba ng iyong pagtatanghal (tingnan ang mga tagubilin sa kard ng magsasalita) at ang bawat magsasalita ay maaari lamang magsalita nang isang beses para sa bawat aytem ng adyenda.

**Ang mga Adyenda ng Konseho ng Lungsod ay maaring makuha gamit ang kompyuter sa m sumusunod na World Wide Web Address: www.fremont.gov**

## Impormasyon

Ang mga kopya ng Adyenda at Ulat ay makukuha sa mga lobby ng Fremont City Hall, 3300 Capitol Avenue at sa Development Services Center, 39550 Liberty Street, sa Biyernes na pinapangunahan a isang regular na naka-iskedyul na pulong ng Konseho ng Lunsod. Ang mga pandagdag na dokument may relasyon sa tiyak na mga aytem ng adyenda ay makukuha sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod. Ang regular na pulong ng Konseho ng Lungsod ng Fremont ay ipapalabas sa Cable Television Channe at mapapanood din sa pamamagitan ng webcast sa aming website (www.Fremont.gov).

Ang tulong ay ibibigay sa mga nangangailangan ng akomodasyon para sa mga may kapansanan alinsunod sa Batas sa Mga AMerikanong May Kapansanan ng 1990. Ang mga taong interesado ay da humiling sa accommodation ng hindi bababa sa 2 araw ng trabaho bago ang pulong sa pamamagitan pakikipag-ugnayan sa Klerk ng Lungsod sa (510) 284-4060. Ang mga pulong ng Konseho ng Lungso *open captioned* para sa mga bingi sa Kamara ng Konseho at {UT3}closed captioned para sa mga nanonood sa bahay.

## Kakayahang magamit ang Pampublikong Rekord

Lahat ng pwedeng ipaalam na pampublikong talaan na may kaugnayan sa isang bukas na sesyon na aytem sa adyenda na ito na ibinahagi ng Lungsod sa lahat o sa mayorya ng Konseho ng Lungsod ng mababa sa 72 oras bago ang pulong ay magagamit para sa pampublikong inspeksiyon sa mga partik na may etiketang mga binder na matatagpuan sa lobby ng Fremont City Hall, 3300 Capitol Avenue s panahon ng normal na oras ng negosyo, sa panahon na ang mga talaan ay ibinahagi sa Konseho ng Lungsod.

Ang impormasyon tungkol sa Lungsod o mga aytem na naka-iskedyul sa Adyenda at Ulat ay maaarin isangguni sa:

Address: Eskribyente ng Lungsod
City of Fremont
3300 Capitol Avenue, Bldg. A
Fremont, California 94538
Telepono: (510) 284-4060

*Ang iyong interes sa paraan ng pagpapatakbo ng Lungsod ay pinapahalagahan.*

**ABISO AT ADYENDA NG ESPESYAL NA PULONG**
**SARADONG SESYON**
**LUNGSOD NG FREMONT**

**PETSA:** **Martes, Mayo 2, 2017**

**ORAS:** **6:45 p.m.**

**LOKASYON:** **Fremont Room, 3300 Capitol Avenue, Fremont**

**PAGPAPATAHIMIK**

**ROLL CALL**

**KOMENTONG PAMPUBLIKO:**
Ang sinumang tao na ibig magsalita tungkol sa isang aytem na nakalista sa Abiso na ito, ay maaari nang gawin ito ngayon. Lilimitahan ng Alkalde ang haba ng iyong presentasyon at ang bawat magsasalita ay maaari lang magsalita nang isang beses sa bawat aytem.

**KUMPERENSYA SA LIGAL NA ABUGADO – INAASAHANG PAGLILITIS**
Ang Saradong Sesyong ito ay pinahintulutan ng Kode ng Gobyerno Seksyon 54956.9 (d)(4) at tumutukoy sa posibleng pagsisimula ng paglilitis ng Lungsod sa isang bagay.

Ang Espesyal na Pulong na ito ay ipinatawag ni Alkalde Mei.

**ADYENDA**
**REGULAR NA PULONG NG KONSEHO NG LUNGSOD NG FREMONT**
**Mayo 2, 2017**
**KAMARA NG KONSEHO, 3300 CAPITOL AVE., BUILDING A**
**7:00 P.M**

## 1. PANIMULA

**A. Pagpapatahimik**

**B. Pagsaludo sa Bandera**

**C. Roll Call**

**D. Mga Anunsiyo ng Alkalde / Tagapamahala ng Lungsod**

## *2. KALENDARYO NG PAGPAYAG*

*Ang mga aytem sa Kalendaryo ng Pahintulot ay itinuturing na rutina ng Konseho ng Lungsod at ay maisasabatas sa pamamagitan ng isang mosyon at isang boto. Walang magiging hiwalay na pag-uusap ng mga aytem na ito maliban kung hilingin ng isang miyembro ng Konseho o ng isang mamamayan, kung saan ay aalisin ang aytem mula sa Kalendaryo ng Pahintulot at ituturing nang hiwalay. Sa karagdagan, ang iba pang aytem na walang isang "Hiling na Makausap ang Konseho ng Lungsod" na kard sa kabaliktaran ay maaaring idagdag sa kalendaryo ng pahintulot. Babasahin ng Abugado ng Lungsod ang titulo ng mga ordinansa na pagtitibayin.*

***A. Mosyon Upang Ipaubaya Ang Karagdagang Pagbasa ng mga Iminumungkahing Mga Ordinansa***
*(Pinahihintulutan nito ang pagbabasa ng pamagat lamang bilang kapalit ng pagbigkas sa buong teksto.)*

***B. PAGAPRUBA NG KATITIKAN - para sa Espesyal na Pulong-Sesyon ng Trabaho ng Abril 4, 2017, ang Espesyal at Regular na Pulong ng Abril 4, 2017, ang Regular na Pulong ng Abril 11, 2017, at ang Regular na Pulong ng Abril 18, 2017***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | |
|---|---|
| *Pangalan:* | *Susan Gauthier* |
| *Titulo:* | *Klerk ng Lungsod* |
| *Dept:* | *Tanggapan ng Klerk ng Lungsod* |
| *Telepono:* | *510-284-4076* |
| *E-Mail:* | *sgauthier@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:*** *Pagapruba ng katitikan.*

***C. IKALAWANG PAGBASA AT PAGPAPATIBAY NG ISANG ORDINANSA PARA SA LUNGSOD NG FREMONT IDINAGDAG ANG MGA SEKSYON 15.44.040 AT 15.44.050 SA KODA NG MUNISIPYO NG FREMONT KABANATA 15.44,***

***KODA NG ENERHIYA NG FREMONT, UPANG MAISAMA ANG MGA KINAKAILANGAN PARA SA MGA SAPILITANG PAGKABIT NG MGA SISTEMANG PHOTOVOLTAIC SOLAR NA ENERHIYA SA MGA BAGONG IPINAPATAYONG MGA KABAHAYAN AT IKALAWANG PAGBASA AT PAGPAPATIBAY NG ISANG ORDINANSA NG LUNGSOD NG FREMONT NA SUMUSUSOG SA KODA NG MUNISIPYO NG FREMONT SEKSYON 15.35.150 UPANG MAISAMA ANG MGA FIRE SPRINKLER SA PAGBABAGO NG ANUMANG GUSALI NA HIGIT PA SA 50 PORSIENTO NG SQUARE FOOTAGE***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Susan Gauthier* | *Rachel DiFranco* |
| *Titulo:* | *Klerk ng Lungsod* | *Koordinator sa Pagpapanatili* |
| *Dept:* | *Tanggapan ng Klerk ng Lungsod* | *Pag-unlad ng Komunidad* |
| *Telepono:* | *510-284-4076* | *510-494-4451* |
| *E-Mail:* | *sgauthier@fremont.gov* | *rdifranco@fremont.gov* |

***MGA REKOMENDASYON:*** *Magpatibay ng mga ordinansa.*

***D. KASUNDUAN SA SERBISYO SA KARAGDAGANG ORAS NG AKLATAN SA SABADO AT LINGGO - Pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod na Ipatupad ang isang Kasunduan sa Serbisyo sa Aklatan ng Alameda County para sa Karagdagang Oras sa Sabado sa Aklatan ng Centerville at sa Linggo sa Pangunahing Aklatan ng Fremont***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Jackson Hite* | *Karena Shackelford* |
| *Titulo:* | *Management Analyst II* | *Deputadong Tagapamahala ng Lungsod* |
| *Dept:* | *Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod* | *Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod* |
| *Telepono:* | *510-284-4016* | *510-284-4063* |
| *E-Mail:* | *jhite@fremont.gov* | *kshackelford@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:*** *Pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang itinalaga upang magsagawa ng isang tatlong taong kasunduan sa serbisyo na may opsyon upang patagalin pa ng karagdagang dalawang tig-isang taon na panahon para sa Aklatan ng Alameda County; karagdagang pitong oras sa Sabado para sa Aklatan ng Centerville; at karagdagang apat na oras sa Linggo para sa Pangunahing Aklatan ng Fremont sa halagang $491,724 para sa Taong Piskal 2017/18. Kasunod ng Taong Piskal 2017/18, ang taunang halaga ng kasunduan ay dapat sumasalamin sa isang halaga na katumbas ng nakabadyet na gastusin ng County para sa karagdagang mga oras ng Aklatan sa Sabado at Linggo, sa Aklatan ng Centerville at Pangunahing Aklatan ng Fremont ayon sa pagkakabanggit; sa anumang pagtaas na hindi lalampas sa 5% ng halaga sa nakaraang taong piskal.*

***E. PROYEKTONG REHABILITASYON NG PABIMENTO SA 2017 - Pag-apruba ng Mga Plano at Mga Pagtutukoy at Pagbibigay ng Kontrata sa O'Grady Paving, Inc. sa Halagang $3,164,927.15 para sa Proyektong***

***Rehabilitasyon ng Pabimento sa 2017 (PWC 8234-Q at 8913) Hindi Saklaw ng Pagsusuri ng Kapaligiran ayon sa Mga Alituntunin ng CEQA Seksyon 15301 (Umiiral na Mga Pasilidad)***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Edward Nakayama* | *Hans Larsen* |
| *Titulo:* | *Katulong na Inhinyerong Sibil* | *Direktor ng Mga Gawaing-bayan* |
| *Dept:* | *Mga Gawaing-bayan* | *Mga Gawaing-bayan* |
| *Telepono:* | *510-494-4775* | *510-494-4722* |
| *E-Mail:* | *enakayama@fremont.gov* | *hlarsen@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:*** *Pag-apruba sa mga sumusunod na mga aksyon na may kaugnayan sa Proyektong Rehabilitasyon ng Pabimento sa 2017 (PWC 8234-Q at 8913):*

1. *Napag-alaman na ang proyektong ito ay hindi saklaw ng pagsusuri ng Environmental Quality Act (CEQA) ng California alinsunod sa seksyon 15301 ng Mga Alituntunin ng CEQA bilang tagaayos, pagpapanatili o maliliit na pagbabago ng mga umiiral na pasilidad na kinasasangkutan ng wala o bale-walang pagpapalawak ng paggamit na kasalukuyang umiiral.*
2. *Inaaprubahan ang mga plano at pagtutukoy para sa Proyektong Rehabilitasyon ng Pabimento sa 2017, PWC 8234-Q at 8913.*
3. *Tinatanggap ang bid at ipinagkaloob ang kontrata sa pinakamababang tumutugon at responsableng bidder, ang O'Grady Paving, Inc., sa halagang $3,164,927.15 at pinahihintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod o itinalaga upang maisagawa ang kontrata.*

***F. SUSOG NG KONTRATA NG PROGRAMANG TRI-CITY TAXI VOUCHER - Amyendahan Ang Kontratang Taxi Voucher sa Siddiq, Inc, DBA Diamond Cab Company at DBA Seir Cab Company, ng $100,000 upang matugunan ang nadagdagang tinatayang pangangailangan sa Hunyo 30, 2017 at pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod na palawigin ang kontrata hanggang sa dalawang karagdagang isang-taong termino***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Shawn Fong* | *Suzanne Shenfil* |
| *Titulo:* | *Tagapamahala ng Programang Paghatid sa May Kapansanan* | *Direktor* |
| *Dept:* | *Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao* | *Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao* |
| *Telepono:* | *510-574-2033* | *510-574-2051* |
| *E-Mail:* | *sfong@fremont.gov* | *sshenfil@fremont.gov* |

*MGA REKOMENDASYON:*

1. *Aprubahan at pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod upang maipatupad ang isang susog sa kontratang FY 2016/2017 ng Programang Tri-City Taxi Voucher sa Siddiq, Inc, DBA Diamond Cab Company at DBA Seir Cab Company, upang madagdagan ang hindi pwedeng lampasang halaga ng kompensasyon na may halagang $100,000 para sa isang kabuuang kabayarang hindi lalampas sa halagang $215,914.*
2. *Maglaan ng karagdagang $100,000 sa programang ito sa Paratransit Fund*

*(Fund 178).*

3. *Pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod na maipatupad ang mga susog para pahabain ang kontrata nang hanggang sa dalawang karagdagang isang-taong termino (FY 2017-2018 at FY 2018-2019) na may kabayarang halaga na hindi hihigit sa $325,000 sa bawat taon.*

***G. FUSE Corps - Pag-apruba upang magsagawa ng isang Kasunduan sa Serbisyo sa FUSE Corps upang magbigay ng isang FUSE Fellow na makikipagtulungan sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Fremont upang bumuo ng isang pangmatagalang terminong plano upang ipatupad ang edukasyon ng gumagawa sa Fremont***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Karena Shackelford* | *Kelly Kline* |
| *Titulo:* | *Deputadong Tagapamahala ng Lungsod* | *Direktor* |
| *Dept:* | *Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod* | *Kagawaran sa Pag-unlad ng Ekonomiya* |
| *Telepono:* | *510-284-4063* | *510-284-4024* |
| *E-Mail:* | *kshackelford@fremont.gov* | *kkline@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:*** *Pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang kanyang itinalaga, upang magsagawa ng isang kasunduan sa serbisyo sa FUSE Corps upang magbigay ng isang isang-taong kasunduan upang bumuo ng isang pangmatagalang terminong plano upang ipatupad ang edukasyon ng gumagawa sa Fremont.*

***H. TRACT 8229 - Pag-apruba ng Pinal na Mapa, Kasunduan para sa Konstruksiyon ng mga Pampubliko at Pribadong Pagpapabuti ng Kalye, at Pagtatalaga ng Lupa at Pampublikong Daanan para sa Tract 8229, na matatagpuan sa 39439 Mission Boulevard (Mission Stevenson)***

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Anne Quasarano* | *Hans Larsen* |
| *Titulo:* | *Katulong na Inhinyerong Sibil* | *Direktor ng Mga Gawaing-bayan* |
| *Dept:* | *Pag-iinhinyero* | *Mga Gawaing-bayan* |
| *Telepono:* | *510-494-4767* | *510-494-4722* |
| *E-Mail:* | *aquasarano@fremont.gov* | *hlarsen@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:*** *Pagtibayin ang isang resolution upang:*

1. *Aprubahan ang Pinal na Mapa at ang Planong Pagpapabuti para sa Tract 8229.*
2. *Aprubahan ang Kasunduang Pampublikong Pagpapabuti na pinamagatang "Kasunduang Pampublikong Pagpapabuti, Tract 8229", kasama ang nag-develop, ang Tri Pointe Homes, Inc, at pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod na isakatuparan ang kasunduan sa ngalan ng Lungsod.*
3. *Aprubahan ang Kasunduan para sa Pribadong Pagpapabuti na pinamagatang "Kasunduan sa Pribadong Pagpapabuti, Tract 8229", kasama ang nag-develop, ang Tri Pointe Homes, Inc, at pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod na isakatuparan ang kasunduan sa ngalan ng*

*Lungsod.*

4. *Tanggapin ang alok ng nag-develop na pagtatalaga ng mga interes sa ari-arian, tulad ng tinukoy sa Pinal na Mapa, sa kondisyon na ang pagtanggap ng anumang ari-arian na kung saan ang mga nag-develop ay kinakailangang gumawa ng mga pampublikong pagpapabuti ay naka kundisyon sa pagkumpleto ng mga pagpapabuti ng nag-develop sa kasiyahan ng mga Inhinyero ng Lungsod.*

### *I. MGA UPGRADE SA GUSALI NG PANGUNAHING AKLATAN - Paglalaan ng mga Pondo sa Halagang $97,000 at Awtorisasyong Pumasok sa isang Kasunduan sa Alameda County para sa Upgrade Sa Gusali Ng Pangunahing Aklatan (PWC 8926)*

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Martha Martinez* | *Hans Larsen* |
| *Titulo:* | *Tagapamahala ng Mga Dinisenyong Proyekto ng Pasilidad* | *Direktor ng Mga Gawaing-bayan* |
| *Dept:* | *Mga Gawaing-bayan* | *Mga Gawaing-bayan* |
| *Telepono:* | *510-494-4727* | *510-494-4722* |
| *E-Mail:* | *mamartinez@fremont.gov* | *hlarsen@fremont.gov* |

***MGA REKOMENDASYON:***

1. *Napag-alaman na ang ipinanukalang Proyektong Mga Pagbabago sa Pangunahing Aklatan ay kategorikal na hindi kasama sa pagsusuri sa ilalim ng California Environmental Quality Act (CEQA) ayon sa alituntunin ng CEQA seksyon 15301, bilang ang pag-ayos, pagpapanatili o minor na pagbabago ng isang umiiral na pasilidad na may bale-wala o walang pagpapalawak sa paggamit*
2. *Maglaan ng mga pondo mula sa Alameda County sa halagang $97,000 sa PWC8926-502 (Fund 502 - Mga Panlabas na Pinagmulan), Proyektong Pagbabago sa Pangunahing Aklatan.*
3. *Aprubahan at pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod upang maipatupad ang isang kasunduan sa Alameda County para sa Proyektong Pagbabago sa Pangunahing Aklatan.*

### *J. EMERHENSIYANG PAG-AAYOS SA STORM DRAIN NG RIDGEWOOD DRIVE - Emerhensiyang Pag-Aayos Sa Nasirang Linya Ng Storm Drain at Kaugnay na Pagkabigo ng Kalye sa Ridgewood Drive sa pagitan ng Deep Creek Road at Tacoma Common; Hindi Saklaw ng Pagsusuri ng CEQA ayon sa Mga Tuntunin ng CEQA Seksyon 15269 (Mga Proyektong Emerhensiya)*

*Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:*

| | | |
|---|---|---|
| *Pangalan:* | *Edelzar Garcia* | *Hans Larsen* |
| *Titulo:* | *Katulong na Inhinyerong Sibil* | *Direktor ng Mga Gawaing-bayan* |
| *Dept:* | *Mga Gawaing-bayan* | *Mga Gawaing-bayan* |
| *Telepono:* | *510-494-4781* | *510-494-4722* |
| *E-Mail:* | *egarcia@fremont.gov* | *hlarsen@fremont.gov* |

***REKOMENDASYON:***

1. *Napag-alaman na ang Proyektong Emerhensiyang Pag-aayos ng Storm Drain ng Ridgewood Drive ay hindi saklaw ng pagsusuri ng CEQA alinsunod sa Mga Alituntunin ng SEQA Seksyon 15269 bilang emerhensiyang pag-aayos na kailangan upang mapanatili ang mahahalagang mga serbisyo at upang ibalik ang isang umiiral na daanan na nasira ng paghupa.*
2. *Natukoy sa 4/5 na boto na ang pagbibigay sa WR Forde Associates ng isang kontrata sa konstruksyon para sa trabahong emerhensiyang pag-aayos na inilarawan sa ulat na ito nang walang mapagkumpitensyang pagbi-bid ay kinakailangan upang tumugon sa isang emerhensiya, na ang pangangailangan para sa aksyong ito ay nagpapatuloy, at na ang Emerhensiyang Pag-aayos ng Storm Drain ng Ridgewood Drive ay isang Proyektong Emerhensiya.*
3. *Pahintulutan ang Tagapamahala ng Lungsod o itinalaga upang magsagawa ng isang kontrata sa W.R. Forde Associates para sa trabahong emerhensiyang pag-aayos na inilarawan sa ulat na ito.*

## 3. MGA PANGSEREMONYANG AYTEM

### A. Proklamasyon: Linggo ng Abot-kayang Pabahay, Mayo 11 - Mayo 21

## 4. MGA KOMUNIKASYONG PAMPUBLIKO

### A. Mga Komunikasyong Pasalita at Pasulat

**AWTORIDAD SA PAMPUBLIKONG PAGTUSTOS** – Wala.

## KONSIDERASYON PARA SA MGA AYTEM NA TINANGGAL SA KALENDARTO NG PAGPAYAG

## 5. MGA NAKAISKEDYUL NA AYTEM

### A. TAONG PISKAL NG CDBG 2017/18 REKOMENDASYON SA PAGPOPONDO AT PLANONG AKSYON SA TAONG PISKAL 2017/18 - Pampublikong Pagdinig (Nailathalang Abiso) sa Paggamit ng Pondo ng Federal Community Development Block para sa FY 2017/18, Pagpapatibay ng isang Resolusyon na Nag-aapruba sa Planong Aksyon sa FY 2017/18; at Pagpapahintulot sa Tagapamahala ng Lungsod upang Magpatupad ng Mga Kasunduan sa U.S. Department of Housing and Urban Development

**at Mga Tagatanggap ng CDBG**

Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Lucia Hughes | Suzanne Shenfil |
| Titulo: | Administrador ng CDBG | Direktor |
| Dept: | Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao | Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao |
| Telepono: | 510-574-2043 | 510-574-2051 |
| E-Mail: | lhughes@fremont.gov | sshenfil@fremont.gov |

**MGA REKOMENDASYON:**

1. Magsagawa ng isang pampublikong pagdinig sa iminumungkahing Pinal na Pahayag ng Mga Layuning at inaasahang Paggamit ng mga Pondo ng Programa ng CDBG sa FY 2017/18.
2. Ilaan ang pondo ng CDBG para sa FY 2017/18 sa halagang nakasaad dito, na napapailalim sa mga aktwal na karapatan sa alokasyon ng CDBG sa FY 2017/18, at nakasalalay sa pagpapatibay ng badyet ng FY 2017/18 ng Konseho ng Lungsod.
3. Pahintulutan ang mga kawani na:
   a) bawasan ang mga antas ng pagpopondo ng mga proyektong kapital alinsunod sa mga probisyon ng maaaring mangyari na kinilala sa ulat ng kawani na ito kung ang mga aktwal na karapatan sa alokasyon ng CDBG sa FY 2017/18 ng Lungsod ay mas mababa sa tantiya ng kawani.
   b) maglaan ng karagdagang pondo sa mga proyektong pampublikong serbisyo kung ang Lungsod ay makakatanggap ng karagdagang kita ng programa sa FY 2016/17.
   c) ayusin nang naaayon ang mga badyet ng mga proyektong pampublikong serbisyo mula sa tinatayang antas ng pagpopondo upang tumugma sa aktwal na mga halagang inilaan.
   d) paglaan (sa pagkakasunod-sunod na inilarawan sa ulat na ito) sa anumang balanse ng pondo na hihigit sa $33,000 na na natira sa mga umiiral na proyektong CDBG sa 2016/17 at 2017/18 sa mga proyekto na ganap na inalis bilang resulta ng higit sa 33% pagbaba sa karapatang alokasyon ng CDBG.
4. Magpatibay ng isang pasya:
   a) pag-apruba, at pagpapahintulot sa Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang itinalaga na isumite ang Pinal na Pahayag ng Mga Layuning at inaasahang Paggamit ng mga Pondo ng Programa ng CDBG sa FY 2017/18, at ang Planong Aksyon ng CDBG tulad ng inirerekomenda ng Advisory Committee Citizens at mga kawani sa halagang nakasaad dito, kabilang ang anumang mga pagsasaayos na ginawa batay sa aktwal na entitlement na natanggap ng CDBG.
   b) nagpapahintulot sa Tagapamahala ng Lungsod o sa kanyang itinalaga na isagawa ang kasunduang pagpopondo sa HUD ng FY 2017/18 CDBG.
   c) nagpapahintulot sa Tagapamahala ng Lungsod o sa kanyang itinalaga na isagawa ang mga kasunduan epektibo Hulyo 1, 2017, na may mga tagatanggap na inirerekomenda para sa pagpopondo ng mga kawani at ng Citizens Advisory Committee sa mga halagang nakasaad dito, nababatay sa isang pasya ng walang makabuluhang epekto sa katumbas na mga pagtasa ng kapaligiran at pagkumpleto ng mga kinakailangang panahon ng pampublikong komento, at nababatay sa pagpapatibay ng badyet para sa FY 2017/18.

**B. PAGBIBIGAY NG BOND PARA SA ABOT-KAYANG LP NG FAIRFIELD WARM SPRINGS(VALLEY OAK) - Pampublikong Pagdinig (Nalathalang Abiso) alinsunod sa Tax Equity and Fiscal Responsibility Act (TEFRA) upang Isaalang-alang ang pagpapalabas ng Tax-exempt Bonds sa pamamagitan ng California Statewide Communities Development Authority (CSCDA) para sa Abot-kayang LP ng Fairfield Warm Springs. -- ANG HILING AY ITUTULOY SA PULONG NG KONSEHO NG LUNGSOD SA HUNYO 6, 2017**

Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:

| | |
|---|---|
| Pangalan: | David Persselin |
| Titulo: | Direktor ng Pananalapi |
| Dept: | Kagawaran ng Pananalapi |
| Telepono: | 510-494-4631 |
| E-Mail: | dpersselin@fremont.gov |

**REKOMENDASYON:** Buksan ang pampublikong pagdinig at ituloy ang aytem sa Pulong ng Konseho ng Lungsod sa Hunyo 6, 2017.

**C. HALALANG BASE SA DISTRITO/BAHAGI NG MGA DISTRITO/PAGKAKASUNOD-SUNOD NG HALALAN - Pampublikong Pagdinig (Inilathalang Abiso) upang makatanggap ng input mula sa komunidad tungkol sa mga hangganan at mga bahagi ng distrito na itatatag para sa halalang base sa distrito alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010 at Pagkakasunod-sunod ng Halalan**

Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Jessica von Borck | Harvey E. Levine |
| Titulo: | Katulong na Tagapamahala ng Lungsod | Abugado ng Lungsod |
| Dept: | Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod | Tanggapan ng Abugado ng |
| Telepono: | 510-248-4008 | 510-284-4030 |
| E-Mail: | jvborck@fremont.gov | hlevine@fremont.gov |

**REKOMENDASYON:** Na ang Konseho ng Lungsod ay:

1. Tatanggap ng isang ulat mula sa mga kawani tungkol sa mga proseso ng pagkuha ng input ng publiko sa mga paunang mapa ng mga potensyal na mga distrito ng pagboto at mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan para sa isang proseso ng halalan na naka-ayon sa distrito alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010;
2. Buksan ang isang pampublikong pagdinig at mag-imbita ng mga miyembro ng publiko upang magbigay ng puna sa mga paunang mapa at mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan na ipinakita; at
3. Isara ang pampublikong pagdinig kapag walang nang mga input mula sa publiko, at magbigay ng direksyon sa demograpikong tagapayo ng Lungsod tungkol sa mga posibleng mga pagbabago sa mga paunang mapa o anumang bagong mga mapa na kinakailangan at sa mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan upang ipatupad ang sistema ng halalang nakabase sa distrito.

## 6. ULAT MULA SA ABUGADO NG LUNGSOD- Wala

## 7. IBA PANG MGA USAPIN

### A. PAGPAPAKILALA NG ORDINANSA SA PAGBUBUO NG FREMONT INDUSTRIAL DEVELOPMENT AUTHORITY - Pagpapakilala ng isang Ordinansa ng Konseho ng Lungsod na Bumubuo ng Fremont Industrial Development Authority

Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:

| | |
|---|---|
| Pangalan: | David Persselin |
| Titulo: | Direktor ng Pananalapi |
| Dept: | Kagawaran ng Pananalapi |
| Telepono: | 510-494-4631 |
| E-Mail: | dpersselin@fremont.gov |

**MGA REKOMENDASYON:**

1. Magsagawa ng mga pampublikong pandinig.
2. Ipakilala ang isang ordinansa na bubuo ng Fremont Industrial Development Authority.

## 8. MGA KOMUNIKASYON NG KONSEHO

### A. Mga Referral ng Konseho – Wala.

### B. Pasalitang Mga Ulat sa mga Pulong at Mga Kaganapan

## 9. PAGTIGIL

## MGA AKRONIM

ABAG Association of Bay Area Governments
ACE Altamont Commuter Express
ACFCD Alameda County Flood Control District
ACTC Alameda County Transportation Commission
ACWD Alameda County Water District
ARB Art Review Board
BAAQMD Bay Area Air Quality Management District
BART Bay Area Rapid Transit District
BCDC Bay Conservation & Development Commission
BMPs Best Management Practices
BMR Below Market Rate
CALPERS California Public Employees' Retirement System
CBC California Building Code
CDD Community Development Department
CC & R's Covenants, Conditions & Restrictions
CDBG Community Development Block Grant
CEQA California Environmental Quality Act
CERT Community Emergency Response Team
CIP Capital Improvement Program
CNG Compressed Natural Gas
COF City of Fremont
COPPS Community Oriented Policing and Public Safety
CSAC California State Association of Counties
CTC California Transportation Commission
dB Decibel
DEIR Draft Environmental Impact Report
DU/AC Dwelling Units per Acre
EBRPD East Bay Regional Park District
EDAC Economic Development Advisory Commission (City)
EIR Environmental Impact Report (CEQA)
EIS Environmental Impact Statement (NEPA)
ERAF Education Revenue Augmentation Fund
EVAW Emergency Vehicle Accessway
FAR Floor Area Ratio
FEMA Federal Emergency Management Agency
FFD Fremont Fire Department
FMC Fremont Municipal Code
FPD Fremont Police Department
FRC Family Resource Center
FUSD Fremont Unified School District
GIS Geographic Information System
GPA General Plan Amendment
HARB Historical Architectural Review Board
HBA Home Builders Association
HRC Human Relations Commission
ICMA International City/County Management Association
JPA Joint Powers Authority
LLMD Lighting and Landscaping Maintenance District
LOCC League of California Cities
LOS Level of Service
MOU Memorandum of Understanding
MTC Metropolitan Transportation Commission
NEPA National Environmental Policy Act
NLC National League of Cities
NPDES National Pollutant Discharge Elimination System
NPO Neighborhood Preservation Ordinance
PC Planning Commission
PD Planned District
PDA Priority Development Area
PUC Public Utilities Commission
PVAW Private Vehicle Accessway
PWC Public Works Contract
RFP Request for Proposals
RFQ Request for Qualifications
RHNA Regional Housing Needs Allocation
ROP Regional Occupational Program
RRIDRO Residential Rent Increase Dispute Resolution Ordinance
RWQCB Regional Water Quality Control Board
SACNET Southern Alameda County Narcotics Enforcement Task Force
STIP State Transportation Improvement Program
TCRDF Tri-Cities Recycling and Disposal Facility
TOD Transit Oriented Development
TS/MRF Transfer Station/Materials Recovery Facility
UBC See CBC
VTA Santa Clara Valley Transportation Authority
WMA Waste Management Authority
ZA Zoning Administrator
ZTA Zoning Text Amendment

| **NALALAPIT NA PULONG AT CHANNEL 27<br>ISKEDYUL NG PAGSASAHIMPAPAWID** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Petsa*** | ***Oras*** | ***Uri ng Pulong*** | ***Lokasyon*** | ***Cable Channel 27*** |
| **Mayo 9, 2017** | 5:45 p.m. | Espesyal na Pulong-Sesyon ng Trabaho | Kamara ng Konseho | Live |
| **Mayo 9, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Mayo 16, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Mayo 23, 2017** | | Walang Pulong ng Konseho | | |
| **Mayo 30, 2017** | | Walang Pulong ng Konseho | | |
| **Hunyo 6, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Hunyo 13, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Hunyo 20, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Hunyo 27, 2017** | | Walang Pulong ng Konseho | | |
| **Hulyo 4, 2017** | | *Pista Opisyal - Walang Pulong ng Konseho* | | |
| **Hulyo 11, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Hulyo 18, 2017** | 7:00 p.m. | Pulong ng Konseho ng Lungsod | Kamara ng Konseho | Live |
| **Hulyo 25, 2017** | | Walang Pulong ng Konseho | | |
| ***Pamamahinga sa Agosto*** | | *Walang Mga Pulong ng Konseho* | | |

**Konseho ng Lungsod ng Fremont**
3300 Capitol Avenue
Fremont, CA 94538
**NAISUMITE**

Pulong: 05/02/17 7:00 PM
Div/Dept: Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod
Kategorya: Mga Pagtatanghal

Mga Isponsor:
DOC ID: 3063

**ULAT NG KAWANI (ID # 3063)**

# HALALAN AYON SA DISTRITO/BAHAGI NG MGA DISTRITO/PAGKAKASUNOD-SUNOD NG HALALAN - Pampublikong Pagdinig (Inilathalang Abiso) upang makatanggap ng input mula sa komunidad tungkol sa mga hangganan at mga bahagi ng distrito na itatatag para sa halalang ayon sa distrito alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010 at Pagkakasunod-sunod ng Halalan

## Makipag-ugnayan sa Mga Sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Jessica von Borck | Harvey E. Levine |
| Titulo: | Katulong na Tagapamahala ng Lungsod | Abugado ng Lungsod |
| Div/Dept: | Tanggapan ng Tagapamahala ng Lungsod | Tanggapan ng Abugado ng Lungsod |
| Telepono: | 510-248-4008 | 510-284-4030 |
| E-Mail: | jvborck@fremont.gov | hlevine@fremont.gov |

---

**Ehekutibong Buod:** Noong Marso 21, 2017, pinagtibay ng Lungsod ang isang resolusyon na may intensyong lumipat mula sa malakihan patungo sa pang-distritong halalan. Alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010, ang Lungsod ay kailangang magsagawa ng limang (5) mga pampublikong pagdinig sa loob ng panahong tinukoy sa batas. Ang unang dalawang (2) pampublikong pagdinig ay kumpleto na at pinayagan para matimbang ng Konseho at komunidad ang komposisyon ng mga distrito. Gamit ang input na ito, ang mga paunang mapa ng distrito ay naiguhit na at ang ikatlo at ikaapat na mga pampublikong pagdinig ay magbibigay-daan sa publikong magbigay ng input tungkol sa nilalaman ng mga paunang mapa at ang ipinapanukalang mga pagkakasunod-sunod ng halalan. Sa ikalima at huling pampublikong pagdinig, ang Konseho ay boboto upang isaalang-alang ang isang ordinansa na magtatatag ng pang-distritong halalan. Ang pampublikong pulong ngayong gabi ay ang ikatlong kailangang pagdinig ng Lungsod, kung saan ay isasaalang-alang ng Konseho at ang publiko ay magbibigay ng input, sa mga paunang mapa ng distrito at potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan.

**BATAYAN:** Noong Marso 21, 2017, ipinagtibay ng lungsod ang isang resolusyon na may intensyong lumipat mula sa malaki patungo sa nakaayon-sa-distrito na halalan. Alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010, ang Lungsod ay kailangang magsagawa ng limang (5) mga pampublikong pagdinig sa loob ng panahong tinukoy sa batas. Ang Lungsod ay nagtatrabaho sa ilalim ng patnubay ng mga independiyenteng legal at demograpikong mga tagapayo sa buong prosesong ito. Ang unang dalawang (2) ng limang (5) mga pampublikong pagdinig, alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan 10010, ay ginanap noong Abril 4 at Abril 18, 2017. Pinahintulutan ng mga ito ang Konseho at ang komunidad na magkomento sa komposisyon ng mga distrito. Gamit ang input na ito, ang paunang mapa ng pagboto ng mga distrito ay naiguhit na at papayagan ng ikatlo at ikaapat na mga pampublikong pagdinig ang publikong magbigay ng input tungkol sa laman ng mga paunang mapa at ang ipinanukalang mga pagkakasunod-sunod ng halalan. Sa ikalima at huling pampublikong pagdinig, ang Konseho ay boboto upang isaalang-alang ang isang ordinansa na magtatatag ng pang-distritong halalan. Ang pampublikong pulong ngayong gabi ay ang ikatlong kailangang pagdinig ng Lungsod.

Mula nang ginawa ang layuning resolusyon, ang Lungsod ay nakibahagi sa mga pagsisikap na maabot ang publiko upang makatulong na ipaalam sa publiko ang tungkol sa halalang nakaayon-sa-distrito at ang proseso na nauugnay sa sa pagbuo ng mga ito. Ang isang hiwalay na webpage sa website ng Lungsod ay ginawa upang magbigay ng impormasyon na may kaugnayan sa halalang nakaayon-sa-distrito kabilang ang mga pagkakataon kung kailan at kung paano maaaring mag-ambag ang publiko sa palitang-usap. Sa karagdagan, ang Lungsod ay pinagana ang mga social media platform nito upang ibahagi ang impormasyon, at tumatanggap ng input sa iminungkahing mga paunang mapa at pagkakasunod-sunod ng halalan mula sa komunidad sa pamamagitan ng Open City Hall. Ang mga poster at polyeto kabilang ang mga paunang mapa at impormasyon sa kung saan makukuha ang karagdagang detalye at magbigay ng input sa Konseho ay ipinamahagi sa at ipinaskil sa lahat ng mga pasilidad, sa Aklatan, at mga paaralan. Ang mga cover sheet ng adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod at ang ulat na kawani na ito ay isinalin sa limang mga wika upang magbigay ng karagdagang tulong sa mga mamamayang di-nagsasalita ng Ingles. Kabilang sa mga wikang ito ang Ingles, Espanyol, Intsik, Vietnamese, at Tagalog. Ang mga naisaling dokumento ay makukuha sa website ng Lungsod sa https://fremont.gov/districtelections. Sa karagdagan, ang mga pulong ng Konseho ng Lungsod ay *open captioned* para sa mga bingi sa Kamara ng Konseho at *closed captioned* para sa mga nanonood sa bahay.

Sa unang dalawang (2) mga pampublikong pagpupulong, ang pangkat ng tagapayo ng Lungsod ay nagharap ng patnubay sa kung anong mga kadahilanan ang dapat isaalang-alang kapag lumilikha ng bagong mga distrito ng pagboto, kabilang ang mga sumusunod na pamantayang kailangan ng batas na naaangkop sa paglikha ng aktwal na mga distrito:

- Ang bawat distrito ng konseho ay dapat maglaman ng isang halos magkasing-daming mamamayan;
- Ang isang plano ng pagdidistrito ay gagawin sa isang paraan na sumusunod sa Batas Pederal sa Mga Karapatan sa Pagboto; at
- Ang bawat distrito ng konseho ay hindi dapat gawin na lahi ang namamayaning kadahilanan na lumalabag sa mga prinsipyo na itinatag ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos sa Shaw v. Reno, 509 U.S. 630 (1993).

Sa karagdagan, ang demograpikong tagapayo, ang Lapkoff & Gobalet Demographic Research, Inc, ay nagharap ng iba't-ibang mga demograpiko at heograpikong datos na maaari ring magsilbi bilang pamantayan upang tukuyin ang mga distrito (bilang karagdagan sa mga ligal na mga kinakailangan). Batay sa lahat ng input, hinati ng demograpo ang Lungsod sa mas maliliit na lugar at lumikha ng isang serye ng mga mapa na maaaring magamit ng publiko sa paggawa ng mga sitwasyon sa distrito ng halalan. Ginagamit din ng demograpo ang mga highway, mga pangunahing kalsada, mga sapa, at mga riles ng tren bilang (kilalang) mga hangganan, kung posible.

Gamit ang mas maliliit na mapa ng mga lugar na ito, Ang Konseho ng Lungsod at mga miyembro ng komunidad ay nagbigay ng karagdagang input sa komposisyon ng mga distrito sa ikalawang pampublikong pagdinig na ginanap noong ika-18 ng Abril. Matapos ang mga komento ng publiko at pag-uusap ng Konseho, ang Konseho ay nagbigay ng direksyon sa ninanais na bilang ng mga distrito, ang pagkakasunod-sunod ng halalan, at mga pamantayan na sa paniwala nila ay ang mga pinakamahalaga sa pagtukoy ng mga potensyal na mga hangganan ng distrito.

Ang input na ito ay ginagamit upang bumuo ng isang paunang hanay ng mga paunang mapa ng halalan ng distrito, na unang nilimbag noong Abril 25, 2017 alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010, at ang magiging batayan para sa usapan sa pulong na ito.

**PAG-UUSAP / PAGSUSURI:** Sa unang dalawang pampublikong pagdinig, tumanggap ang Konseho ng mga input ng publiko at tinalakay ang bilang ng mga potensyal na mga distrito na bubuuin at isinaalang-alang ang iba't-ibang mga bahagi, elemento, at mga kadahilanan na maaaring isaalang-alang kapag gumagawa ng mga distrito. Upang ipaalam sa mga nag-uusap, ang demograpikong tagapayo ng Lungsod ay nagharap ng mga batayan na mapa (makukuha sa website ng Lungsod) na nagpapakita sa datos ng 2010 sensus, ang 28 na mga distrito ng tirahan ng Fremont, mga hangganan ng pagdalo ng Fremont Unified School District para sa mga mataas na paaralan at paaralang elementarya, at ang mga konsiderasyon sa pangkalahatang demograpikong pamamahagi.

Sa karagdagan, ginamit din ng tagapayo ang mga bahaging ito bilang mga alituntunin sa paghati sa Lungsod sa mga mas maliit na lugar ("mga piraso") na mas maliit kaysa sa isang distrito, kasama ang isang database. Ginamit nila ang mga pirasong ito upang lumikha ng isang serye ng mga mapa, na naglalarawan sa mga kaugnay na impormasyon, na maaaring pagsamahin sa paggawa ng mga sitwasyon ng halalan sa distrito. Ginamit din sa mga mapa ang mga highway, mga pangunahing kalsada, mga sapa, at mga riles ng tren bilang (kilalang) mga hangganan, kung posible. Ang layunin ng mga "piraso" na ito ay upang makilala ang mga oportunidad na pagsamahin ang mga ito kapag gumagawa o binabago ang mga maaaring mangyari sa distrito sa halalan, umaasa sa kasamang mga database upang makalkula ang mga populasyon ng pinagsamang mga piraso. Ang demograpo ay nagbigay ng mga halimbawa ng naturang mga kumbinasyon sa pamamagitan ng pagpatong sa mga piraso sa 28 na mga distrito ng kabayanan ng Fremont, mga hangganan ng pagdalo ng mataas na paaralan ng Fremont Unified School District (FUSD), mga hangganan ng pagdalo ng paaralang elementarya ng FUSD, at Mga Distrito ng Negosyo ng Fremont. Nagdagdag din ng mga pirasong-antas na datos ang tagapayo tungkol sa distribusyon ng mga tirahang yunit, lahi/etnikong halo ng populasyon, at transit oriented development (TOD) designasyon sa paggamit ng lupa.

Matapos marinig ang mga komento ng publiko, tinalakay ng Konseho at nagbigay ng direksyon tungkol sa gustong bilang ng mga distrito ng pagboto, mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalanasunod sa pagbabagong direksyon, at pamantayan na sa tingin nila ay ang pinakakapakipakinabang bilang isang batayan para sa paunang mga mapa. Mula Abril 25, 2017, inilathala ng Lungsod ang mga paunang mapa sa website ng Lungsod at sa pahayagan, na nagbibigay sa publiko ng pitong araw upang suriin ang mga ito bago ang pagdinig ngayong gabi. Sa lawak na maaari, ang mga mapang ito ay sumasalamin sa mga komento at direksyong tinalakay sa ibaba.

<u>Potensyal na Mga Pamantayan na Isasaalang-alang at Bagong Impormasyon sa Pagmamapa</u>

Kahit na hindi lubos na nagkakaisa ang bawat miyembro sa pagkilala ng mga pamantayan para sa mga paunang mapa, inutusan ng Konseho ang demograpo, bilang karagdagan sa ligal na mga pangangailangan, na isaalang-alang ang sumusunod na mga kadahilanan, nang walang anumang partikular na prayoridad, sa paghahanda ng mga paunang mapa:

- Ang 28 na distrito ng sambayanan ng Lungsod
- mga lugar ng pagdalo ng paaralang elementarya at mataas na paaralan ng FUSD

- Ang 9 na distrito ng negosyo ng Lungsod
- Mga designasyon ng paggamit ng lupa ng Pagpapaunlad na Nakatuon sa Pagbiyahe
- Pamamahay at paglaki ng populasyon matapos ang 2010
- Mga hangganan ng distrito ng California State Assembly
- Mga hangganan ng distrito ng Kongreso
- Mga bloke ng Sensus
- Mga heograpikong kadahilanan tulad ng mga highway, mga pangunahing kalsada, mga sapa, at mga riles ng tren bilang (kilalang) mga hangganan
- Pagkakaisa, kalapitan, integridad, at kasinsinan ng teritoryo

Ang mayoryang mga miyembro ng konseho ay hindi nagsaad ng palagay sa mga konsiderasyon na ibibigay sa potensyal na kriterion sa pag-iwas sa harapang paligsahan sa pagitan ng mga Miyembro ng Konseho.

<u>Pagkakasunod-sunod ng Halalan</u>
Inutusan ng Konseho ng Lungsod ang demograpo na gamitin ang mga sumusunod na mga paunang konsiderasyon sa pagtatalaga ng isang potensyal na pagkakasunod-sunod para sa mga halalan sa loob ng distrito ng bawat paunang plano para sa konsiderasyon ng publiko at ng Konseho ng Lungsod:

1. Ang apat na distrito ay dapat punuan ng halalan sa 2018 gaya ng sumusunod:

   Dalawang mga distrito kung saan walang nakatirang incumbent (maliban sa Mayor), ay dapat punuan ng halalan sa 2018.

   Anumang distrito kung saan ang isang incumbent ay nakatira na ang termino ay mapapaso sa 2018, ay dapat punuan ng halalan sa 2018 para sa isang apat na-taong termino.

   Kung ang tirahan ng kasalukuyang mga incumbent na ang termino ay mapapaso sa 2018 ay hindi maiwasang na ipares sa isang distrito, ang distrito na iyon, gayunman, ay pupunan ng halalan sa 2018 para sa isang apat-na-taong termino, at ang isang ikatlong distrito kung saan walang nakatirang incumbent, ay pupunan ng halalan sa 2018.

   Pagkatapos ay magtatalaga ang Konseho ng Lungsod ng isa sa mga distrito kung saan walang nakatirang incumbent, para sa isang dalawang-taong termino. Ang iba pang isa o dalawang mga distrito ay magkakaroon ng apat-na-taong termino bawat isa.

2. Tatlong mga distrito ay pupunuan ng halalan sa 2020 gaya ng sumusunod:

   Ang dalawang mga distrito na hindi pupunuan ng halalan sa 2018, ay dapat punuan ng halalan sa 2020 para sa apat-na-taong termino.

   Ang distritong itinalaga para sa isang dalawang-taong termino sa 2018, ay dapat punuan muli ng halalan sa 2020 para sa isang apat-na-taong term.

Dami ng Distrito ng Halalan

Inutusan ng Konseho ng Lungsod ang pangkat ng tagapayo ng Lungsod na bumuo ng paunang mga mapa batay sa isang configuration na anim (6) na distrito ng halalan na may isang Mayor na pinili ng mga botante sa buong lungsod.

Mga Ninanais na Kalalabasan

Alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010, ang layunin ng pampublikong pagdinig ngayong gabi at ng pampublikong pagdinig sa Mayo 16 ay upang makatanggap ng input ng publiko tungkol sa mga paunang mapa ng distrito mapa at sa potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan. Ang mga komento mula sa pulong ngayong gabi ay gagamitin upang baguhin ang kasalukuyang mga paunang mapa, o lumikha ng mga bagong mapa, kung kinakailangan. Ang Konseho ay dapat magbigay ng direksyon sa pangkat ng tagapayo ng Lungsod sa anumang mga pagbabago o mga karagdagan. Bilang karagdagan sa mga legal na kinakailangang pamantayan, maaaring utusan ng Konseho ang mga tagapayo ng Lungsod na isaalang-alang ang iba pang mga pamantayan, bilang karagdagan sa kung ano ang ipinakita sa ulat na ito o sa pulong. Anumang pagbabago o mga bagong mapa ay ilalathala sa Mayo 9, pitong araw bago ang ika-apat na naka-iskedyul na pampublikong pagdinig sa Mayo 16, 2017. Dapat isaalang-alang ng Konseho ang input ng publiko at magbigay din ng direksyon sa potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan.

**EPEKTO SA PANANALAPI:** Walang mga makabuluhang epekto sa pananalapi sa pagdaraos ng pampublikong pagdinig na ito.

**PAGSUSURI NG KAPALIGIRAN:** N/A

**MGA KALAKIP:** Wala.

**Link sa Mga Paunang Mapa ng Distrito:** https://fremont.gov/districtelections

**REKOMENDASYON:** Na ang Konseho ng Lungsod ay:

1. Tatanggap ng isang ulat mula sa mga kawani tungkol sa mga proseso ng pagkuha ng input ng publiko sa mga paunang mapa ng mga potensyal na mga distrito ng pagboto at mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan para sa isang proseso ng halalan na naka-ayon sa distrito alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan Seksyon 10010;
2. Bubuksan ang isang pampublikong pagdinig at mag-imbita ng mga miyembro ng publiko upang magbigay ng puna sa mga paunang mapa at mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan na ipinakita; at
3. Isasara ang pampublikong pagdinig kapag walang nang mga input mula sa publiko, at magbigay ng direksyon sa demograpikong tagapayo ng Lungsod tungkol sa mga posibleng mga pagbabago sa mga paunang mapa o anumang bagong mga mapa na kinakailangan at sa mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan upang ipatupad ang sistema ng halalang nakaayon sa distrito.